

Future Hope

Paglilingkod sa Diyos sa Pananaw ng Pagbabalik ni Cristo

WEEK 2

WARM-UP

- Sino ang pinakamaalagang tao na kilala mo? Balikan ang ilan sa mga bagay na ginawa niya para sa iyo.
- Magkuwento tungkol sa indibidwal sa inyong pamilya na pinakamalapit sa iyo. Bakit kayo naging malapit sa isa't isa?
- May kakilala ka bang ina na may inaalagaang mga bata sa kasalukuyan? Ibahagi kung ano sa pananaw mo ang pinagdaraan niya.

WORD *¹¹Alam ninyong katulad ng isang ama sa kanyang mga anak ang turing namin sa bawat isa sa inyo. ¹²Pinalakas namin ang loob n'yo, pinayuhan at hinikayat na mamuhay nang karapat-dapat sa Diyos na humirang sa inyo para sa kanyang kaharian at kadakilaan. **1 TESALONICA 2:11-12***

Ibinigay sa Mga Gawa 17 ang mga pangyayari tungkol sa pagkakatatag ng iglesia sa Tesalonica. Ang ebanghelyo ay ipinangaral, ang mga tao ay tumugon, at mabilis itong sinundan ng pag-uusig na naging dahilan upang mahiwalay sina Pablo, Silas, at Timoteo sa mga bagong mananampalataya. Ang liham na ito sa mga taga-Tesalonica ay bahagi ng kanilang pagsusumikap na hikayatin ang iglesia na manatiling tapat sa kanilang pananampalataya kay Cristo. Ang isang paraang ginawa nila ay ang ipaalala sa mga mananampalataya ang kanilang pagmamahal at ugnayan sa isa't isa. Habang hinihintay ang katuparan ng paparating na kaharian ni Cristo, ang iglesia noong panahong iyon ay nakaranas ng mga pag-uusig at paghihirap. Sa kabila nito, sila ay tinawag na mamuhay, maglingkod, at magtiis sa komunidad. Sa araw na ito, titingnan natin kung ano ang kahulugan ng pagiging bahagi ng isang komunidad ng iglesia habang sama-sama nating hinihintay ang dakilang pagbabalik ni Cristo.

1

Ang pagiging bahagi ng isang komunidad ay nangangahulugan ng pagturing sa isa't isa bilang kapamilya.

... kahit may karapatan kaming tumanggap nito bilang mga apostol ni Cristo. Sa halip, naging maaruga kami sa inyo tulad ng isang mapagkalingang ina sa mga anak niya. **1 TESALONICA 2:7**

Sa ikalawang kabanata pa lamang ng 1 Tesalonica, tinawag na ni Pablo ang mga bahagi ng iglesya na mga kapatid at anak. Itinuring nila ang kanilang sarili bilang mga ama at ina ng mga bagong mananampalataya. Sila ay inalagaan, binigyan ng lakas ng loob, at inatasang sumunod sa Diyos. Bagama't hindi magagawang palitan ng komunidad ng iglesya ang ating natural na pamilya, tayo ay pinagpalang magkaroon ng mga lider na nagmamahal sa atin bilang mga anak at kapatid. Paano ka itinuring na kapamilya ng isang miyembro sa komunidad ng iglesya na kinabibilangan mo?

2

Ang pagiging bahagi ng isang komunidad ay nangangahulugan ng pagbabahagi ng ating buhay.

At dahil mahal namin kayo, hindi lang ang Magandang Balita ang malugod naming ibinigay sa inyo kundi pati na rin ang buhay namin, dahil napamahal na kayo sa amin. **1 TESALONICA 2:8**

Ang pag-aalala at pagmamahal nina Pablo, Silas, at Timoteo ay tunay. Hindi lamang nila itinuring ang mga bagong mananampalataya bilang mga indibidwal na tumanggap ng mensahe ng ebanghelyo. Ibinahagi nila ang kanilang buong sarili at buhay sa kanila. Ang ugnayang ito ay naging bahagi ng lahat ng aspeto ng kanilang buhay. Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng “malugod na pagbibigay ng buhay”? Bakit mahalaga ang pagbabahagi ng buhay sa paglilingkod kay Cristo?

Ang pagiging bahagi ng isang komunidad ay nangangahulugan ng paglilingkod sa isa't isa.

Tiyak na natatandaan n'yo pa, mga kapatid, ang pagsisikap namin noong nasa inyo pa kami. Habang ipinangangaral namin ang Magandang Balita ng Diyos, araw-gabi kaming nagtatrabaho para hindi kami maging pabigat sa inyo. 1 TESALONICA 2:9

Sina Pablo, Silas, at Timoteo ay labis na nagtrabaho upang ipangaral ang ebanghelyo, tugunan ang kanilang mga pangangailangan, at paglilingkuran ang iba. Hindi nila nais na maging pabigat sa iglesya dahil sa kanilang mga pangangailangan. Makikita natin sa karamihan ng mga liham ni Pablo na inako niya ang responsibilidad para sa sarili niyang mga pangangailangan, kahit pa may ibang mga tao na makakatulong sa kanya. At higit pa dito, pinaglilingkuran niya ang ibang tao nang walang inaasahang kapalit. Ano ang nakikita mong pagtatrabaho na ginagawa ng mga miyembro ng komunidad ng iglesya na kinabibilangan mo? Sa iyong palagay, bakit ganito sila maglilingkod?

APPLICATION

- Paano mo nakikita ang pagsasapamuhay ng tatlong puntong nabanggit sa komunidad ng iglesya na kinabibilangan mo? Paano mo nakikita ang mga kakulangan? Isipin at ipanalangin kung ano ang maaari mong gawin sa ibang pamamaraan upang ang kultura sa iyong komunidad ay maging mas katulad ng halimbawang ipinakita nina Pablo, Silas, at Timoteo.
- Pangalanan ang tatlong tao sa iyong komunidad ng iglesya na itinuturing mong kapamilya. Paano ka magsisilbing isang pagpapala sa kanila ngayong linggo?
- May kakilala ka bang tatlong mananampalataya o kaya ay mga bago pa lamang na dumadalo sa inyong iglesya? Paano mo mapalalakas ang kanilang loob upang sila ay manatiling tapat sa kanilang pananampalataya kay Cristo?

